PROTEKSYON SA FREELANCE NA MANGGAGAWA

LA

SHEET NG IMPORMASYON

Hindi libre ang freelance.

ANG ORDINANSANG ITO PARA SA PROTEKSYON NG FREELANCE NA MANGGAGAWA (FREELANCE WORKER PROTECTION ORDINANCE, FWPO) AY NAGBIBIGAY NG PROTEKSYON SA MGA FREELANCE NA MANGGAGAWA UPANG TUMULONG NA MATIYAK NA SILA AY NATATRATO NANG PATAS AT BINABAYARAN SA TAMANG

Sino ang nasasaklaw nito?

Ang isang Freelance na Manggagawa ay sinumang indibidwal o entidad na binubuo ng hindi hihigit sa isang tao na kinuha ng isang Entidad na Nagha-hire upang magkaloob ng mga serbisyo kapalit ng bayad. Ang isang Freelance na Manggagawa ay walang mga empleyado.

Ang isang Entidad na Nagha-hire ay regular na nagsasagawa ng negosyo o komersyal na aktibidad ngunit hindi kasama ang mga entidad na nagha-hire ng mga drayber para sa transportasyon o serbisyong delivery na nakabase sa app.

Anong uri ng trabaho ang nasasaklaw nito?

Ang nasasaklaw na trabaho ay isinasagawa ng isang Freelance na Manggagawa na kinuha ng isang Nagha-hire na Entidad, sa pamamagitan ng kontratang nakasulat o berbal sa o pagkatapos ng Hulyo 1, 2023. Ang trabaho ay dapat isagawa sa Lungsod ng Los Angeles at may halagang $600 pataas para sa isang indibidwal na trabaho o pinagsama-samang trabaho sa isang taon ng kalendaryo.

Mga Proteksyon

Ang mga Nagha-hire na Entidad ay kinakailangang magkaloob ng nakasulat na kontrata sa mga Freelance na Manggagawa para sa lahat ng kasunduang may halagang $600 pataas, mag-isa man o kasama ang mga nakaraang kasunduang berbal o nakasulat sa pagitan ng mga entidad sa loob ng isang taon ng kalendaryo.

Ang mga Nagha-hire na Entidad ay kinakailangang magkaloob ng buong bayad pagsapit ng petsang tinukoy sa nakasulat na kontrata, o hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos makumpleto ang trabaho kung walang petsang tinukoy sa kontrata.

Paano mag-ulat ng isang paglabag

Ang mga Freelance na Manggagawa ay maaaring maghain ng reklamo sa Opisina ng mga Pamantayan sa Sahod (Office of Wage Standards, OWS), o magdala ng isang aksyong sibil sa hukuman ng batas upang ipatupad o mabawi ang mga multa para sa mga paglabag. Ang mga reklamong inihain sa OWS ay dapat isumite nang hindi lalampas sa isang taong anibersaryo ng diumano'y paglabag.

PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON, MAKIPAG-UGNAYAN SA OFFICE OF WAGE STANDARDS

1-844-WAGESLA (924-3752) WAGESLA@LACITY.ORG WAGESLA.LACITY.GOV

Bilang isang nasasaklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas kaugnay ng mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nandidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatuwirang kaluwagan para matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.